



PATNUBAY SA MISA



8 Mayo 2016

Dakilang Kapistahan ng Pag-akyat

Taon K

LINGGO NG KOMUNIKASYONG PANDAIGDIG / ARAW NG MGA INA

Ang Pag-akyat ni Kristo: Pag-asa't Hamon sa Atin


Ngayong Linggo ng Pag-akyat ni Kristo, ginugunita natin ang kadakilaan ni Hesukristong bilang tao'y hinirang na makibahagi sa kaluwalhatian ng Diyos. Ipinaaalaala sa atin ng kanyang pag-akyat na langit ang ating hantungan at siyang pinaglalaanan ng paglikha sa atin. Doon natin matatagpuan ang ganap na katuparan ng lahat nating mithiin.

Ngunit kailangan nating makipagtulungan sa ikatutupad ng plano ng Diyos para sa sangkatauhan bago natin matamo ang ating malu-

walhating hantungan. Nais ni Hesus na lubusan tayong makiisa sa pagtatatag ng Kaharian.

Ngayo'y Linggo rin ng Panlipunang Komunikasyon, isang pandaigdigang pagdiriwang na nagpapahalaga sa "mass media" sa larangan ng pangangaral at sa pangangailangan ng panalangin para sa lahat ng nasa propesyong ito. Isama natin sila sa mga kahilingang idudulog sa Eukaristiyang ito.

Sa Eukaristiyang ito, idalangin din natin ang lahat ng ina ngayong kaarawan nila.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Taga-Galileang tanan, ang inyong pinagmamasdang umakyat sa kalangitan ay magbabalik din naman. Aleluya, s'ya'y awitan!

Pagbati

P –Pagpalain si Hesus na Panginoon nating naluluklok sa kanan ng Ama. Ang kanyang biyaya ay sumainyong lahat!

B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Bilang paghahanda para sa pagdiriwang ng pag-akyat ni Kristong Muling Nabuhay, pagnilayan

natin ang nakapipigil sa pagyabong ng ating buhay espirituwal. (Manahimik sandali.)

P –Pinapupurihan ka sa kanan ng Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Ikaw ang pag-asa ng lahat ng nabubuhay at nangamatay. Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Sinugo mo ang iyong mga apostol upang ipangaral ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo

sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga

kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naging makapangyarihan, gawin mong kami ay magkaroon ng banal na kagalakan at makapagdiwang nang may utang na loob, sapagkat ang iyong Anak na aming Manunubos ay siyang tagapaghanda ng aming pananahanan na kanyang pinanggalingan, upang kami’y panguluhan at kanyang tinunguhan upang maging pag-asa kailanman ng sambayanan niyang kanya ring katawan bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gw 1:1-11*
Nagsisimula ang Aklat ng mga Gawa ng mga Apostol sa pinagtapusan ng mga Ebanghelyo nina Marcos at Lucas: sa pag-akyat ni Hesus sa langit. Ipinangako niya ang Espiritu Santo sa kanyang mga disipulo at hinirang silang maging mga saksi niya hanggang sa dulo ng daigdig.

L—Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Mahal na Teofilo: Isinalaysay ko sa aking unang aklat ang lahat ng ginawa at itinuro ni Hesus buhat sa pasimula hanggang sa araw na siya’y umakyat sa langit. Bago siya umakyat, tinagubilinan niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang mga apostol na kanyang hinirang. Pagkatapos ng kanyang pagbabata, maraming ulit siyang napakita sa kanila.

Sa gayon, napatunayang siya’y buhay. Napakita siya sa kanila sa loob ng apatnapung araw at nagturo tungkol sa paghahari ng Diyos. At samantalang siya’y kasama-sama pa nila, kanyang tinagubilinan sila: “Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang

ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. Nagbinyag nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at bibinyagan kayo sa Espiritu Santo.”

Kaya’t nang magkasama-sama si Hesus at ang mga alagad, nagtanong ang mga ito, “Panginoon, itatag na ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?” Sumagot siya, “Ang mga panahon at sandali ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon.

Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.” Pagkasabi nito, siya’y iniakyat sa langit samantalang nakatingin sila sa kanya; at natakpan siya ng ulap. Habang sila’y nakatitig sa langit, dalawang lalaking nakaputi ang biglang tumayo sa tabi nila. “Mga taga-Galilea,” sabi nila, “bakit kayo narito’t nakatingala sa langit? Itong si Hesus na umakyat sa langit ay magbabalik tulad ng nakita ninyong pag-akyat niya.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 46*

B—Habang umaakyat ang D’yos, ang tambuli’y tumutunog!

R. M. Velez

Ha-bang u--maakyat ang D'yos,
ang tambu--li'y tumu--tu---nog!

* Magdiwang ang lahat ng mga nilikha, pumalakpak kayong may awit at tuwa! Bilang pagpupuri sa Diyos na Dakila! Ang Diyos na Poon, Kataas-taasan, ay dakilang haring dapat katakutan. Siya’y naghahari sa sangkatauhan. **B.**

* Umakyat sa trono ang Panginoong Diyos, hatid ng tambuling malakas ang tunog. Masayang sigawan ang ipinansuob. Purihin ang Diyos, siya ay awitan. Awitan ang hari, siya’y papurihan! **B.**

* Ang Diyos, siyang hari ng lahat ng bansa, awita’t purihin ng mga nilikha! Maghahari siya sa lahat ng bansa, magmula sa tronong banal at dakila. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ef 1:17-23*

Ilang batayan ng pananalig ng mga unang Kristiyano ay ang katunayan ng kaluwalhatian ni Kristo at ang paghirang sa kanyang mga alagad na makibahagi sa kanyang kadakilaan. Sa pamamagitan ng isang panalangin, ipinahayag ni Pablo ang ganitong pananalig.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid: Hinihiling ko sa Diyos ng ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. Nawa’y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito’y ang kaluwalhatian ng inilaan niya sa kanyang mga hinirang, at ang walang hanggang kapangyarihan niya sa atin na mga nananalig sa kanya. Ang kapangyarihan ding iyon ang muling bumuhay kay Kristo at nagluklok sa kanya sa kalangitan, sa kanan ng Diyos. Kaya’t nasa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan. Higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating. Ipinailalim ng Diyos sa kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng bagay, at siya ang ginawang ulo ng Simbahan. Ito ang katawan ni Kristo, ang kapuspusan niya na pumupuspos sa lahat-lahat.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *Mt 28:19,20*

B—Aleluya! Aleluya!

Humayo’t magturo kayo, palaging kasama ako hanggang sa wakas ng mundo.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 24:46-53*

Ang pag-akyat ni Hesus sa langit ang huling pagpapakita niya sa kanyang mga disipulo at siya ring pagsisimula ng pandaigdigang pangangaral ng Simbahan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad:

“Ganito ang nasusulat: kinakailangang magbata ng hirap at mamatay ang Mesiyas at muling mabuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, magmula sa Jerusalem. Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito. Tandaan ninyo: susuguin ko sa inyo ang ipinangako ng aking Ama, kaya’t huwag kayong aalis sa lunsod hanggang hindi kayo napagkakalooban ng kapangyarihan mula sa itaas.”

Pagkatapos, sila’y isinama ni Hesus sa labas ng lunsod. Pagdating sa Betania, itinaas niya ang kanyang mga kamay at pinagpala sila. Samantalang iginagawad niya ito, siya nama’y lumalayo paakyat sa langit.

Siya’y sinamba nila; pagkatapos, sila’y nagbalik sa Jerusalem, taglay ang malaking kagalakan. Palagi sila sa templo at doo’y nagpupuri sa Diyos.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumaog. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Ipinagugunita ng pag-akyat ng ating Panginoon na langit ang ating pangwakas na hantungan.

Ipinaaalala rin nito ang ating tungkuling magsumikap na maitatag ang Kaharian ng Diyos sa lupa sa pamamagitan ng ating tapat na Kristiyanong pamumuhay. Sa ating kahinaan at mga kasalatan, manalangin tayo:

B – Panginoon, ikaw ang aming pag-asa!

* Nawa tapat na magampanan ng Simbahan ang misyon niyang mag-akyat sa sangkatauhan sa patuloy na moral at espirituwal na pagsulong. Manalangin tayo!

B.

* Nawa mahalina ng mabuti nating halimbawa ang lahat ng nahuhumaling sa kamunduhan sa halip ng sa mga pagpapahalagang makalangit. Manalangin tayo!

B.

* Nawa lahat ng nagkasalang mabigat ay maantig ng panawagang magbalik-loob at magsumikap sa mabubuting gawa. Manalangin tayo!

B.

* Nawa pagsumikapan ng lahat ng nasa propesyon ng pandaigdigang komunikasyon ang pagpapairal ng kapayapaan at pangangalaga sa kapakanang pantao. Manalangin tayo!

B.

* Nawa lahat ng komunikasyon sa ating bansa’y mabisang makatulong sa ipagkakaroon ng bansang may malasakit at pagkakaisa. Manalangin tayo!

B.

* Ngayong kaarawan nila, nawa lahat ng ina ay pasiglahin ng pag-ibig ng Diyos at pagsuyo ng kani-kanilang mag-anak. Manalangin tayo!

B.

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo!

B.

P – Panginoong Hesus, ituoan mo ang aming mga puso sa “dakilang pag-asang” panawagan ng ating Ama. Pagsikapan nawa namin ang pagtataguyod dito sa lupa sa Kaharian ng katarungan, kapayapaan, at pagmamahalan kung saan ka nabubuhay at naghaharing walang hanggan.

B – Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, pakundangan sa pag-akyat ng Anak mong mahal, ginaganap namin ang paghahain nang may kapakumbabaan at ipagkaloob mong sa ganitong pagpapalitan ng mga kaloob mo at ng aming mga alay, kami ay makasalo sa pagkabuhay at pag-akyat sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Pag-akyat I

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kasamaa’t kamatayan matapos na lupigin ng Anak mong si Hesus na Panginoon namin, siya ngayo’y umakyat sa iyong piling bilang Haring dakilang sinasamba ng mga anghel. Siya ang aming tagapamagitan nakikiusap sa iyo para sa tanan. Siya ang tagapasya sa lupa’t kalangitan. Hindi niya iwinaksi ang aba naming pagkatao sa pagluklok sa kanan mo. Sapagkat kami ang katawan at siya ang ulo, ang pag-akyat niya’y katiyakang sasapit kami sa iyo.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Sa krus mo’t pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Palaging kasama ako, palaging kapiling ninyo hanggang sa wakas ng mundo, ang sabi ni Hesukristo. Aleluya, awit sa'yo!

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, pinagkakalooban mo kami ng pagkakataon na akuin sa lupa ang ginagawa mo at nilalayon. Gawin mong ang loobin namin ay matuon sa iyong pinagluluklukan sa Anak mo ngayon upang kaparis naming tao sa piling mo siya'y mamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGWAWAKAS



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik sandali.*)

Pagpalain nawa kayo ng Diyos sa araw na ito nang umakyat sa

langit ang Kanyang bugtong na Anak upang ipaghanda kayo ng uuwian.

B–Amen!

P–Nananalig kayong naluluklok si Hesus sa kanan ng Ama. Makasama ninyo nawa siya sa walang hanggan.

B–Amen!

P–Nabubuhay kayong umaasa sa kaloob na Banal na Espiritu. Maging bukas nawa ang inyong mga puso sa pagtanggap sa Kanya nang buong pagmamahal.

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristong niluwalhati.

B–Salamat sa Diyos!

Pag-akyat: Maluwalhating Katapusan at Nakakatakot na Simula

Ang Diyos ay perpektong katarungan. Di Niya masalungat ang Kanyang sarili. Di Niya matiis na hindi matampok ang kalinisang-budhi ni Kristo. Di Niya matulutang hindi gantimpalaan ang lubos na tiwala ng Kanyang Anak. Ang Muling Pagkabuhay at Pag-akyat ni Hesus ay bunga ng katarungan ng Ama at katapatan sa Kanyang mga pangako.

Ang pagluluwalhati kay Hesus ay dahil di lamang sa Kanyang sarili at sa Kanyang Anak, kundi sa lahat din ng tao. Sa katunayan, kailangan din nating lubos na malamang ang Taong hinamak at pinapagdusa sa maraming paraan hanggang sa mabilang pa ito sa masasama't makasalanan (*sangguniin Isa 53:9 at Mt 27:37 at mga katapat nito*), ay muling nabuhay at pinarangalang "higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating." (*Ef 1:21. Sangguniin din Fil 1:9-11.*) Ito ang kahulugan ng ginugunita natin ngayon. Kaya nga, ang Pag-akyat ay, para sa ating lahat, isang bukal ng pagtitiyak ng katarungan ng Diyos at tagumpay ng kabutihan sa kasamaan.

Ginampanan ni Kristo ang pagliligtas sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pagbubuwis ng kanyang buhay alang-alang sa mga kasalanan ng lahat ng tao. Itinulot ng Diyos na ang pinakamamahaling Niyang Bugtong na Anak ay mamatay para sa kaligtasan ng lahat ng makasalanan at muling mabuhay bilang patunay sa lahat ng pagpapahalagang kanyang kinakatawan. Ang Espiritu Santo nama'y patuloy rin sa paglalapat ng biyaya ng mapait na pagpapakasakit ni Hesus sa lahat ng tao.

Ngayon nama'y panahon na para sa ating paglahok

sa gawaing ito. Ito'y sa pagpapasalamat sa Banal na Santatlo para sa mga biyaya ng paglikha, pagliligtas, at pagpapabalan. Ginagawa natin ito kapag positibo tayong tumutugon sa panawagan ng Diyos para labanan ang sama sa ano mang anyo nito at itaguyod ang kabutihan sa ating sarili at sa ating kapaligiran. Nangangahulugan ito ng pagpapalaganap sa Paghahari ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa katotohanan, katarungan, kapayapaan, pag-ibig, pananalig, pag-asa, pagpapatawad, pagiging bukas-palad, katapatan, paggalang sa kapwa, at malasakit sa kapakanan ng lahat.

Ang Kaharian ay tulad ng isang binhing ipinagkatiwala sa atin ng pag-ibig ng Diyos. Tungkulin nating *pasibulin* ang binhing ito sa ating sarili at sa ating paligid, pagkat taglay ng binhing iyan ang dakilang kapangyarihan para lumago at sumaklaw sa sanlibutan. Tungkulin nating palaguin ang binhing ito sa pamamagitan ng pagpapatunay ng ating pag-ibig at patuloy na paninindigan laban sa mga puwersang nagtatangkang sumupil sa Kaharian!

Ito ang hamon sa atin ngayon ng pag-akyat ni Hesus; at sa hamong ito, maaaring wala tayong sapat na kakayahan at di tayo karapat-dapat. Dahil nga rito kung kaya naman hindi tayo inuulila ng Panginoon. Nangako siyang ipadadala sa atin ang Espiritu Santo para ating maging Kasiyahan, Kaibigan, Inspirasyon, Patnubay, at Lakas. Tulad ng mga disipulo at mga apostol pagkatapos ng Pag-akyat, naghihintay tayo sa kanyang pagdating sa pamamagitan ng taos-pusong pagdarasal at pag-asa. Kasama niya, wala tayong misyong imposible. Sa tulong ng kanyang kapangyarihan, tayo'y magtatagumpay.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguiog,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan